他の子どもたちとの関わり方、集団生活の様子などを見ることができます。

必ず、事前にお知らせがあります。日時と内容を確認して、参加する場合には時間に遅れないように参加しましょう。

3. *Sankanbi* (Pagbisita sa *Youchien*) ／ *Hoiku Sankan* (Pagbisita sa *Hoikuen*) ／*Hoiku Sanka* (Partisipasyon)

Ito ang pag-obserba ng magulang sa pamumuhay ng mga bata sa sa loob ng *Youchien・Hoikuen*.

Sa araw ng *Sankanbi / Hoiku Sankan,* ang mga magulang ay magmamasid sa gagawin o gawain ng mga bata sa *Youchien o Hoikuen*.

Sa *Hoiku Sanka* ang magulang at guro ay magkakaisa ng layunin, kasama sila sa mga bata.

Dito ay malalaman at makikita rin nila ang pakikisalamuha o pakikitungo ng bata sa kapwa bata pati na sa buhay ng isang miyembro sa grupo.

Ang pagtitipon na ito ay ipapaalam bago sa nakatakdang mga oras at araw, mangyari lamang na basahin o alamin ang impormasyon at siguraduhing huwag mahuhuli sa oras kung makakapunta sa araw na ito.

遠足（えんそく）

分からないことや困ったことがあったら、先生に相談しましょう。

1. 遠足（えんそく）ってなに？

集団行動に気を付けながら、外でのマナーを身につけるよい機会です。

①（徒歩遠足）みんなで少し遠くのところまで歩いていきます。
②（バス遠足）遠いところまでバスに乗っていきます。
③（親子遠足）保護者も一緒に参加します。

2. だれが参加するの？

⑴子ども

子どもは、みんな遠足に参加します。当日、「体調が悪い」など休む理由がある場合以外は参加します。休むときには必ず幼稚園・保育園に連絡します。

⑵保護者

親子遠足のときだけ、保護者も一緒に参加します。事前に幼稚園・保育園から申し込みの案内があります。予定を確認して出席か欠席か事前に伝えます。保護者が参加できないときは、幼稚園・保育園に相談しましょう。

3. なにをするの？

- 公園や広場などに行くときは、みんなでゲームなどをして遊んで、思い切り体を動かします。
- みんなでお弁当を食べます。
- バス遠足では、有料の施設に行くこともあります。

4. 何を持っていくの？

⑴服装

①運動に適した服装（体操服・半袖Tシャツ・半ズボン）
②運動靴（新しい運動靴ではなく、いつもはいている靴）
③カラー帽子

⑵子どもの持ち物

①お弁当 → 【お弁当・水筒（p.111）】のページを見てください。

Ensoku (ekskursyon o fieldtrip)

Kumonsulta agad sa guro kung mayroong katanungan o hindi maintindihan.

1. Ano ang *Ensoku*?

Aktibidad sa pagsasanay na kasama ang grupo, pakikisalamuha sa bawat isa at isang magandang pagkakataong matuto ng tamang kaugalian sa labas.

① *(Toho Ensoku)* Sama samang maglalakad ng malayu- layo.
② *(Bus Ensoku)* Sasakay ng bus papunta sa malayong lugar.
③ *(Oyako Ensoku)* Kasama ang magulang sa ekskursyon.

2. Sino ang mga kasama?

(1) Mga bata

Ang lahat ng bata ay kasama sa *Ensoku.* Sa araw na ito, maliban sa mga batang "masama ang pakiramdam o may sakit" ang lahat ay kasama sa *Ensoku.* Mangyari lamang na tumawag sa *Youchien • Hoikuen* kung liliban o hindi makakasama sa araw na ito.

(2) Magulang

Makakasama lang ang magulang sa *Oyako Ensoku*. Bago dumating ang araw ng *Ensoku* , may matatanggap kayo mula sa *Youchien • Hoikuen* na papel para sa application guide form. Tingnan po lamang ang schedule at isulat kung kayo ay makakasama o hindi at ipaalam ng maaga sa guro at kung sakaling hindi makakasama ang magulang, makipag-usap lamang sa *Youchien • Hoikuen.*

3. Ano ang mga gagawin?

- Sa pagpunta ng park o malawak na lugar palaruan, ang lahat ay maglalaro ng game at iba pang laro kung saan maigagalaw ng husto ang katawan.
- Sama- samang kakain ng *obento* [baon na pagkain].
- *Bus Ensoku* may posibilidad itong pumunta sa publikong lugar na may bayad .

4. Ano ang mga dadalhin?

(1) Kasuotan

① Damit na komportableng gumalaw（P.E uniform • Tshirt • Short pants）
② Sports shoes（Hindi kailangan ng bago, kahit yung sapatos na laging ginagamit ）
③ *Kara boushi* [sumbrerong may kulay]

(2) Dadalhin ng mga bata

① *Obento* （Baon）→【Tingnan ang pahina ng Baon at inumin (p.112)】

②水筒 →【お弁当・水筒（p.111）】のページを見てください
③敷物
・子どもが1人で座ってお弁当を食べられるくらいの大きさのものを準備してください。
④タオル
⑤おてふき
・お弁当を食べるときに使います。
・手をふくサイズのタオルを水でぬらしてしっかりしぼった状態で持っていきます。
・しぼったおしぼりをケースまたはビニール袋に入れて持っていきます。
⑥ハンカチ・ティッシュ
⑦リュックサック
・荷物をすべてリュックサックの中にいれ、背中に背負って長い距離を歩きます。
・子どもの体に合った大きさのものを準備します。

5. 集合時間について

集合時間は必ず守ります。1人が遅れると全員が出発できなくなります。出発時間に遅れると参加できなくなることもあります。集合時間に遅れるときには、必ず集合時間の前に幼稚園・保育園に連絡します。

6. 雨のとき

雨のときは遠足がなくなることがあります。遠足がなくなったときは、いつもどおり幼稚園・保育園に行きます。でも弁当は必要です。遠足がなくなったときに、幼稚園・保育園もお休みになることもあります。
雨がふったときのことを事前に先生に確認しておきましょう。

7. その他

・かなり長い距離を自分で荷物をもって歩きます。体調を整えておきましょう。前の日に体調が悪かったら、そのことも先生に伝えましょう。
・バス遠足の場合、乗り物に酔いやすい子どもには酔いどめ薬を飲ませておきましょう。
・おやつは幼稚園・保育園が準備する場合があります。特に持ち物に書かれていない場合は、持って行ってはいけません。

② inumin→【Tingnan ang pahina ng Baon at inumin (p.112)】
③ Pansapin / picnic mat
• Magdala ng sapin na tama lamang ang laki na makaka upo ang bata para makakain.
④ Hand towel（Bimpo）
⑤ Pamunas ng kamay/ Basang Bimpo
• Gagamitin sa baong pagkain .
• Magdala ng bimpo pamunas sa kamay, basain at pigaan ng mabuti.
• Ang basang bimpo ay ilagay sa case o plastic bag.
⑥ Panyolito • tissue
⑦ Knapsack
• Ilagay ang lahat ng gamit sa loob ng knapsack. Ito ay isasakbit sa balikat habang naglalakad ng malayo.
• Maghanda ng knapsack sa tamang laki ng bata.

5. Tungkol sa oras ng pagkikita

Sundin ang oras ng pakikipagkita. Kahit isang tao lang ang mahuhuli sa oras ng pagkikita hindi maaaring umalis ang lahat. Kapag may posibilidad na hindi makakasama o mahuhuli sa oras siguraduhing tumawag sa *Youchien • Hoikuen*.

6. Kapag umulan

May posibilidad na hindi matuloy ang *Ensoku* kapag umulan. Kapag hindi natuloy ang *Ensoku* pumasok sa *Youchien • Hoikuen* gaya ng dati. Pero kailangan dalhin ang baong pagkain. May posibilidad din na mawalan ng pasok sa *Youchien • Hoikuen* kapag umulan.

Kapag umulan alamin sa guro kung ano ang dapat na gawin.

7. Iba pa

• Medyo malayo-layo din ang lalakarin na dala-dala ang sariling gamit. Kapag masama ang pakiramdam ng katawan bago sa araw ng *Ensoku* ipaalam sa guro.
• Sa *Ensoku* na sasakay ng bus, para sa batang madaling mahilo o sumama ang pakiramdam sa sasakyan painumin ng gamot sa hilo.
• May posibilidad din na ang *Youchien • Hoikuen* ang magdadala ng snack food (meryenda). Huwag magdala ng ibang bagay na hindi nakasulat sa mga dalahin.

プール

分からないことや困ったことがあったら、先生に相談しましょう。

1. プールってなに？

幼稚園・保育園のプールは、水泳ではありません。浅いプールで遊びながら、水に慣れるために行います。

2. いつプールに入るの？

だいたい6月の終わりごろから8月の終わりまでです。いつプールがあってもいいように、**3**の持ち物を用意しておきましょう。

＿＿＿月＿＿＿日から、プールが始まります。

3. なにを持っていくの？

持ち物がそろっていないと、プールに入れないことがあります。分からないことは先生に確認して、早めに準備しておきましょう。

チェック	持っていくもの		
	①水着	女の子は上下がつながっている水着を着ます。	男の子は半ズボンタイプの水着を着ます。（上半身は裸です。）
		注意：パンツ（下着）はだめです。 見えるところに名前を書いておきましょう。	
	②帽子	メッシュ素材のプール用の帽子です。髪の毛が長い人は、髪の毛を縛ります。 見えるところに名前を書いておきましょう。	
	③体をふくタオル	見えるところに名前を書いておきましょう。	
	④プールバッグ	水着やタオルを入れるバッグです。プールの後は、水着やタオルが濡れます。濡れたものを入れても大丈夫なバッグを用意しましょう。 （例：ビニールのバッグなど） 見えるところに名前を書いておきましょう。	

注意：浮き輪やボールなど、遊ぶものは持っていきません。

Pool

Kumonsulta agad sa guro kung mayroong katanungan o hindi maintindihan.

1. Ano ang pool?

Ang pool ng *Youchien o Hoikuen* ay hindi sa paglalangoy / swimming. Ito ay paglalaro sa mababaw na tubig. Ginagawa ito upang masanay sa tubig.

2. Kailan mayroong pool?

Ang pool magsisimula sa mga katapusan ng Hunyo hanggang sa katapusan ng Agusto. Maaaring ihanda lamang ang No.3 na dadalhing gamit para puwedeng magamit sa anumang oras na magsimula.

_____(Buwan) _____ (Araw) simula ng pool

3. Ano ang mga dadalhin?

May posibilidad na hindi makapasok sa pool kapag kulang ang mga gamit na dinala. Kapag may hindi alam itanong lang sa guro at ihanda agad.

Check	Mga dadalhin		
	① Swim wear / Kasuotang panlangoy	Para sa batang babae, one piece swimsuit na damit panlangoy.	Sa batang lalake naman short lang na panlangoy. (Hindi na kailangan ng t-shirt o pang-itaas.)
		Paunawa: bawal ang panty o brief Isulat ang pangalan sa lugar na nakikita.	
	② Sumbrero / Swim cap	Sumbrero na pang pool. Itali ang buhok kapag ito ay mahaba. Isulat ang pangalan sa lugar na nakikita.	
	③ Tuwalyang pamunas ng katawan	Isulat ang pangalan sa lugar na nakikita.	
	④ Pool bag	Bag na lalagyan ng tuwalya at damit panlangoy. Pagkatapos ng pool, basa ang tuwalya at damit na panlangoy kaya magdala ng bag na puwedeng ilagay ang basang damit. (Halimbawa: Plastic na bag) Isulat ang pangalan sa nakikitang lugar.	

Paunawa: Ipinagbabawal magdala ng salbabida, bola at iba pang laruan.

4. プールに入るために

プールがある日は、朝必ず体温を測ってプールに入ってもいいかを判断します。朝は元気でも前の日に熱があったり、病気が治ったばかりだったり、体調が悪いときは無理に入らせないようにしましょう。また、保護者が大丈夫だと思っても、先生の判断で入らせないこともあります。次の手順で確認して、朝送っていくときに先生と相談しましょう。

①家で

朝、家で子どもの体温を測ります。前日の体調を踏まえて子どもがプールに入ってもいいか、保護者が判断してください。

プールカードがある場合はカードに入れるかどうかを記入します。

②幼稚園・保育園で

幼稚園・保育園へ行ったら、先生に朝の体温とプールに入らせるかどうかを伝えます。プールカードがある場合は、記入したものを先生に提出します。保護者の印鑑やサインが必要な幼稚園・保育園もあります。どんな手続きが必要か、先生に確認しましょう。

体調が良くても持ち物を忘れたり、体温を測り忘れたり、プールカードを忘れたりするとプールには入れません。前もってよく確認しましょう。

[こんなときはプールに入れません]

- けがをしているとき
  （ばんそうこうを貼っているときも入れません。）
- 熱があるとき
  （朝熱がなくても、前の日に熱があったら子どもの様子を見て判断してください。）
- ぎょう虫検査を受けていないとき、または検査の結果が陽性で治療をしていないとき
  →【ぎょう虫検査（p.85）】のページを見てください。
- 下痢
- 水いぼ
- 飛びひ
- 結膜炎
- シラミ
- 中耳炎

☆集団遊びです。感染する恐れがありますので、必ず医師の指示に従いましょう。

4. Para makasali sa pool

Sa araw ng may pool, tingnan sa umaga ang temperature ng katawan kung puwedeng makasali ang bata. Kapag ang bata ay kagagaling lamang sa sakit at hindi pa gaanong maayos ang pakiramdam, na kahit na sa palagay ng magulang ay mabuti na ang bata, mababase din sa desisyon ng guro na maa-aring hindi payagang makasali sa pool . Alamin lamang ang mga sumusunod sa ibaba at ikonsulta sa guro paghatid sa umaga.

① Bahay

Sa umaga, tingnan ang temperatura ng katawan
Ibase ang kondisyon ng katawan sa nakaraang araw
kung maaring mag-pool ang bata. Nasa magulang ang desisyon.
Kung may pool card isulat lamang sa card kung puwedeng sumali sa pool.

② *Youchien・Hoikuen*

Pagpunta sa *Youchien・Hoikuen*, ipaalam sa guro ang temperatura ng bata at kung maaring sumali sa pool o hindi kung merong pool card ibigay ito sa guro. May ibang *Youchien o Hoikuen* na kakailanganin ang pirma o stamp ng magulang. Itanong sa guro kung anong kailangang gawin.

Kahit na maganda ang pakiramdam ng bata kung nakalimutan namang tingnan ang temperature o nakalimutan ang pool card, hindi ito makakasali sa pool. Alamin agad ng maaga.

(Mga dahilan na hindi puwedeng mag pool)

- Kapag may sugat (kahit na may band aid ay hindi puwedeng mag-pool).
- Kapag may lagnat (kahit walang lagnat sa umaga pero nagkalagnat ng ilang araw alaming maigi ang kalagayan ng bata bago pahintulutan).
- Kapag hindi pa nakapagpasuri ng *Gyouchuu Kensa* (threadworm o bulate sa katawan). At kung may roong nakita sa resulta na hindi pa napapagamot .
  →tingnan ang pahina ng【Pagsusuri ng Thread worm / Pinworm（p.86）】
- Diarrhea (Nagtatae)
- Kulugo
- Impetigo (singaw sa balat na nakakahawa)
- Pamumula ng mata
- Kuto
- Inflammation of the middle ear (impeksyon sa loob ng tainga)

☆Ang mga bata ay samasamang naglalaro, may posibilidad na makahawa kaya magpatingin agad sa doctor at sundin ang payo nito.

防災・避難訓練

分からないことや困ったことがあったら、先生に相談しましょう。

1. 防災・避難訓練

幼稚園・保育園では、いつ起きるか分からない災害に備えて、普段から防災教育を行っています。近いうちに起きると言われている東海地震に対する訓練だけではなく、火災や不審者に対する訓練もあります。

しかし、災害は幼稚園・保育園にいるときに起きるとは限りません。家庭でも災害時にどのように対応するのか家族みんなで確認しておきましょう。また、災害時に備えて食糧や生活用品を備えておきましょう。

2. 災害時対応について　地震

(1)東海地震に関する情報の種類

「東海地震に関する情報」については、気象庁のホームページで公表される他にテレビやラジオ、あるいは、自治体の防災無線などを通して、住民に知らされます。ただし、必ず予測されるものとは限りません。情報がなくても突然地震が起きる可能性もあります。

①東海地震予知情報（カラーレベル　赤）

東海地震が発生するおそれがあると認められ、「警戒宣言」が発せられた場合に発表されます。

すべての幼稚園・保育園では、東海地震予知情報が発表された場合には休みとなります。幼稚園・保育園に子どもがいるときに発表された場合にはすぐに迎えに行きます。

その他、住民の避難や交通規制の実施、店の営業中止などの対策が行われます。

②東海地震注意情報（カラーレベル　黄）

東海地震が発生する前兆現象である可能性が高まった場合に発表されます。

すべての幼稚園・保育園では、東海地震注意情報が発表された場合には休みとなります。幼稚園・保育園に子どもがいるときに発表された場合にはすぐに迎えに行きます。

⑵引き渡し

- 地震が発生したとき、誰が子どもを迎えに行くのかを決めておきましょう。
- 実際に、子どもを迎えに行ったら「引き渡しカード」を先生に渡します。子どもを引き取ったことの証明となります。
- 引き渡しの訓練も行われます。保護者も参加して、どのような流れで迎えに行くのかを確認しておきます。

Bousai (Pag-iwas sa Sunog / Kalamidad)
Hinan kunren (Pagsasanay para sa pag-iingat kung may lindol o Sunog)

Kumonsulta agad sa guro kung mayroong katanungan o hindi maintindihan.

1. *Bousai / Hinan kunren*

(Pag-iwas sa trahedya at pagsasanay para sa pag-iingat kung may lindol o sunog.)

Sa *Youchien at Hoikuen*, hindi alam kung kelan mangyayari ang sunog o anumang sakuna regular na itinuturo sa mga bata kung paano makakaiwas dito. Hindi lamang sa paghahanda sa sinasabing nalalapit na *Tokai Jishin* (lindol sa Tokai) kungdi pagsasanay din sa sunog at pagproteka pag may pumasok na masamang tao sa loob ng *Youchien・Hoikuen*.

Maaaring mangyari ito habang nasa loob ng tahanan kayat mabuti ring pag-usapan ng buong pamilya na mapaghandaan ang sakuna. Ihanda na rin ang mga pagkain at gamit kung sakaling dumating ang ganitong pangyayari.

2. Tungkol sa suporta sa sakuna *Jishin* (lindol)

(1) *Toukai Jishin* (Lindol sa Tokai Area) Uri ng impormasyon sa lindol

"Impormasyon tungkol sa *Toukai Jishin*" Makikita ang impormasyon tungkol sa lindol sa website, TV, radyo at gagamitin ang linya ng radyo ng munisipal para ipaalam sa mga tao ang nangyayari. Subalit hindi natin masisiguro na ang estimasyon ay tama. May oras ding bigla na lang lilindol ng walang impormasyon.

①*Toukai Jishin Yochi Jouhou* (impormasyon sa Toukai lindol) (color level red)

Kapag na obserbahan na may panganib na lindol na mangyayari**, "***Keikai sengen***"** ang ibabalita.

Kapag nakapagbigay na ng impormasyon sa lindol lahat ng *Youchien* at *Hoikuen* ay mawawalan ng pasok. At kung nasa *Youchien・Hoikuen* na ang mga bata at nagkaroon ng babala sunduin agad ang bata.

Sa kabila nito mangyayari din ang paglilisan ng mga tao, kontrol sa trapiko, pagsasara ng mga tindahan at iba pa.

②*Toukai Jishin Yochi Jouhou* (impormasyon sa lindol) (color level yellow)

Ito ay ibabalita kung mas mataas ang senyales ng pagdating ng lindol.

Kapag naibalita na ito, lahat ng *Youchien・Hoikuen* ay walang pasok. At kung nabalitaan ito na nasa *Youchien・Hoikuen* na ang bata sunduin po agad.

(2) *Hikiwatashi* (Pagbibigay ng bata sa taong nagsundo)

- Mag-disisyon kung sino ang mag-susundo sa bata kapag may nangyaring lindol.
- Kapag nasundo na ang bata ibigay sa guro ang *Hikiwatashi* Card para sa patunay na nasundo na ang bata. Sa oras ng pagsundo sa bata, may *Hikiwatashi Card* (card na katibayang nasundo na ang bata) na iaabot sa guro. Ito ay magpapatunay na nasa magulang na ang bata.
- May ginagawang pagsasanay para sa *Hikiwatashi.* Sumali ang magulang para malaman ang mga gagawin pag susunduin ang bata.

運動会

分からないことや困ったことがあったら、先生に相談しましょう。

1. 運動会ってなに？

運動会とは、子どもたちが走ったりおどったりして楽しむ日です。運動会の日が近づくと、子どもたちは先生といっしょに走る練習やおどる練習をします。子どもたちは、運動会に、家族が来てくれるのを楽しみにしています。ぜひ、運動会を見にいきましょう。



2. だれが参加するの？

(1)子ども

子どもは、みんな運動会に参加します。

(2)家族や親戚

日本では、多くの家族（親）が運動会へ行きます。家族は、子どものようすを見て楽しみます。また、家族が子どもと一緒に参加する競技を行うこともあります。おじいさん・おばあさんなど親戚の人も、運動会を見学することができます。家族も親戚の人も、幼稚園・保育園が決めた「保護者席」で運動会を見学します。

3. どこでするの？

幼稚園・保育園の園庭や、近くの体育館で運動会をすることが多いです。

4. なにをするの？

(1)開会式

はじめに、「開会式」をします。開会式では、園長先生があいさつをします。また、運動会についての注意事項も伝えられます。

Undoukai (Sports Festival)

Kumonsulta agad sa guro kung mayroong katanungan o hindi maintindihan.

1. Ano ang *undoukai* (sports festival) ?

Ang *undoukai* ay isang masayang okasyon na kung saan ang mga bata ay tatakbo o sasayaw. Kapag papalapit na ang araw ng *undoukai* magsisimula ng mag-ensayong tumakbo at sumayaw ang mga bata kasama ang mga guro. Masayang inaantabayanan ng mga bata ang pagpunta ng kanilang magulang sa *undoukai*. Inaanyayahan po kayong manuod ng *undoukai*.



2. Sino ang mga kasali?

(1) Bata

Ang lahat ng bata ay kasali sa *undoukai*

(2) Pamilya at Kamag-anak

Dito sa Japan, maraming pamilya (magulang) ang nagpupunta sa *undoukai,* masayang pinapanood ng pamilya ang ginagawa ng mga bata. At may aktibidad din na kasali ang pamilya. Maaari ring dumalo ang lolo, lola, mga kamag-anak at pamilya para manood lamang. May lugar sa *Youchien・Hoikuen* para sa “upuan ng magulang” na puwedeng manood.

3. Saan ito gaganapin?

Ginaganap ito halos sa play ground o sa loob ng bakuran sa *Youchien・Hoikuen* o sa malapit na malaking gym.

4. Ano ang gagawin?

(1) *Kaikai shiki* (Pagsimula ng seremonya)

Ang pag-uumpisa ng seremonya. Sa *Kaikai shiki* , magsisimula ito sa pagbati ng prinsipal at sasabihin ang mga dapat pag-ingatan sa sports festival.

⑵競技・ダンス

つぎに、競技やダンスをします。子どもたちは、決められた競技・ダンスに参加します。自分の子どもが、どの競技・ダンスに参加するのかを、確認しておきましょう。（前もって配られる「運動会のプログラム」を見てください。）子どもたちが、がんばる姿をしっかり見てあげてくださいね。

⑶閉会式

さいごに、「閉会式」をします。閉会式では、園長先生があいさつをします。運動会をがんばった子どもたちを、きっとほめてくれます。

子どもたちはこんな競技をします（例）

大玉ころがし・・・・おおきなボールを転がしながら、ゴールへ向かって走ります
玉入れ・・・・・・・かごにむかって、小さなボールを投げます。かごにたくさんボールを入れたチームが勝ちます。
ダンス・・・・・・・たのしい音楽に合わせて、元気におどります。
かけっこ・・・・・・ゴールへ向かって走ります。
親子競技・・・・・・保護者と子どもが一緒に楽しむゲームをします。たとえば、保護者が子どもをおんぶして、走ります。

5. なにを着ていくの？持っていくの？

⑴子どもの服装

①運動に適した服装（体操服　または　半袖T シャツ・半ズボン）
②運動靴（ 新 しい運動靴ではなく、いつもの靴をはきましょう）
③カラー帽子

⑵子どもの持ち物

①水筒　→【お弁当・水筒（p.111）】のページを見てください。
（注意）水筒にはお茶かお水を入れましょう。
②お弁当 →【お弁当・水筒（p.111）】のページを見てください。

⑶保護者の服装

保護者が競技に参加することもあります。動きやすい服を着ましょう。また、運動靴を持っていきましょう。

(2) Paligsahang laro・Dance (sayaw)

Ang susunod ay Paligsahan at sayaw. Ang mga bata ay kasali dito sa paligsahan o sayaw. Alamin ng mga magulang kung saan kasali ang inyong mga anak.(Bago dumating ang araw ng *undoukai* ibibigay ang *undoukai program* “listahan ng programa” at basahin ito). Panoorin natin ang pinagsikapan ng mga bata sa pagkakataong ito.

(3) *Heikai shiki* (Seremonya sa pagtatapos ng *undoukai*)

Sa kahulihan ay *Heikai shiki* (pagtatapos ng seremonya). Ang prinsipal ng *Youchien・Hoikuen* ay magsasalita at babatiin ang mga bata sa kanilang masiglang ipinakita.

(Halimbawa) Paligsahang laro na gagawin ng mga bata

oodama korogashi ・・ Papagulungin ang malaking bola habang tumatakbo papunta sa goal.

tama ire ・・・・・・・Ibabato ang maliit na bola para ipasok sa basket ang pinaka maraming nailagay sa basket ang panalo.

dance ・・・・・・・・・ Masayang musika at masiglang sasayaw.

kakekko ・・・・・・・ Tatakbo papunta sa goal.

oyako kyougi ・・・・・Magkasamang maglalaro ang magulang at anak. Halimbawa, papasanin ang bata at tatakbo.

5. Ano ang susuotin at dadalhin?

(1) Damit ng bata

① Damit na pang sports (P.E uniform o T-shirt and short)

② sapatos pang sport (Hindi kailangan ng bago. Isuot ang sapatos na laging ginagamit.)

③ Sumbrero / color hat

(2) Dadalhin ng bata

① Inuming Baon→ tingnan ang pahina ng【baon na pagkain at inumin (p.112)】.
(Paalala) *ocha* (tea o tubig lamang ang ilagay)

② Pagkaing Baon →tingnan ang pahina ng【baon na pagkain at inumin (p.112)】.

(3) Kasuotan ng magulang

May laro ding kasali sa paligsahan ang magulang kaya magsuot ng damit na makakakilos ng maayos at magdala din ng sapatos na pang sports.

6. 早めに行こう！

運動会は決まった時間に始まります。運動会の始まる 30分～15分前には、会場へ行きましょう。

7. その他

①運動会の間、子どもたちは先生やお友だちと一緒に活動します。運動会が終わるまでは、子どもを保護者席へ連れだしたり、家へ連れて帰ったりしないでください。
②雨が降った場合の対応を、幼稚園・保育園の先生に確認しておきましょう。
③運動会の練習があった日や、運動会の当日、子どもたちは疲れています。いつもより早く子どもを寝かせましょう。

6. Pumunta ng maaga!

Magsisimula ang sports festival sa itinakdang oras. Pumunta sa lugar na paggaganapan ng 30~15minutos bago ang oras ng pagsisimula ng sports festival.

7. Iba pa

①Sa oras ng *undoukai* ,kasama ng mga bata ang kaibigan at guro sa kanilang aktibidad. Huwag dalhin ang bata sa lugar na kung saan nakaupo ang magulang at huwag ding isama pauwi sa bahay ang bata hanggat hindi pa natatapos ang sports festival.

②Magtanong sa guro ng *Youchien・Hoikuen* kung ano ang gagawin kapag umuulan.

③Sa kadahilanang pagod ang bata sa mga araw ng pag-eensayo para sa *undoukai* at sa araw mismo ng *undoukai*, patulugin ang bata ng mas maaga pa sa karaniwang oras ng kanilang pagtulog.

せいかつはっぴょうかい
生活発表会

分からないことや困ったことがあったら、先生に相談しましょう。

1. 生活発表会ってなに？

子どもがみんなの前で劇をしたり、歌を歌ったりします。個人ではなく、クラスごと、グループごとに発表します。

保護者に見てもらうので、子どもは発表会のために何度も幼稚園・保育園で練習をします。子どもも保護者もとても楽しみにしている行事です。

2. だれが参加するの？

子どもは、みんな生活発表会に参加します。

保護者は子どもの発表を見ます。おじいさん、おばあさん、きょうだいも見に行ってもいいです。

3. なにを持っていくの？

事前に衣装などの準備が必要になることがあります。家庭から必要な衣服を持ってきてもらう場合もあります。事前に連絡があります。詳しいことは先生に確認しましょう。

4. 集合時間・場所について

集合時間は必ず守ります。幼稚園・保育園によっては、保護者が見るためのスペースが限られているために、年齢ごとに集合時間が異なることがあります。

また、幼稚園・保育園ではなく別の施設を借りて広い会場で行うこともあります。会場を必ず確認しておきましょう。

Seikatsu happyoukai

(Pagtatanghal ng mga Bata sa Buhay – Paaralan)

Kumonsulta agad sa guro kung mayroong katanungan o hindi maintindihan.

1. Ano ang *Seikatsu happyoukai* ?

Pagsasayaw, pagsasadula at pagkanta ng mga bata sa harapan ng lahat. Hindi ito indibidwal kundi isa itong presentasyon ng buong klase o ng isang grupo.

Panonoorin sila ng kanilang mga magulang. Ang mga bata sa *Youchien・Hoikuen* ay paulit-ulit na nag-eensayo para sa kanilang pagtatanghal. Ito ay masayang aktibidad na pinakahihintay ng mga bata pati na rin ng mg magulang.

2. Sino ang mga kasali?

Lahat ng mga bata ay kasali sa *Seikatsu happyoukai.*

Dito mapapanood ng magulang ang presentasyon ng mga bata. Maaari ring pumunta ang lolo, lola at mga kapatid para manood.

3. Ano ang dadalhin?

Bago dumating ang takdang araw na ito ay maaring kailanganing maghanda ng costumes, minsan ay kakailanganin ding damit na galing sa bahay, ipapaalam agad ito hanggat maaga. Alamin ng maliwanag sa guro.

4. Tungkol sa oras at lugar na pag-gaganapan

Tumupad sa oras na nakatakda. Minsan may ibang *Youchien o Hoikuen* na nabibi-lang lang ang upuan ng magulang kaya may posibilidad na magkaiba ang oras ng pagtanghal depende sa edad ng bata.

May posibilidad din na manghiram ng malaking na lugar para doon gaganapin kaya basahing mabuti at tiyakin sa mga nakasulat kung saang lugar.

5. その他

・カメラやビデオ撮影が制限されていることがあります。他に見ている人の邪魔にならないように撮影できる場所が決められていたり、カメラやビデオの使用が禁止されたりする場合もあります。

・子どもの発表が終了したからといって、子どもを勝手に連れて帰ってはいけません。子どもを残して、保護者だけ先に帰ってもいけません。生活発表会の当日、どのように解散するか確認しましょう。

・当日、制服やスモックの下に衣装を着て来ることもあります。必ず前日までに先生に確認しましょう。

5. Iba pa

- May posibilidad na limitado ang pagkuha ng litrato at video. May piling lugar para sa pagkuha ng litrato at meron ding bawal na gumamit ng camera o video camera para hindi makasagabal sa ibang mga nanonood.
- Kahit na tapos na ang palabas, hindi puwedeng isama sa pag-uwi ang bata ng walang paalam sa guro at hindi rin puwedeng umalis agad ang magulang na hindi kasama ang bata. Siguraduhin kung ano pa ang gagawin pagkatapos ng *Seikatsu happyoukai* sa araw na ito.
- Sa araw na ito ay may posibilidad din na suot nang bata ang costume sa ilalim ng kanyang uniporme. Kaya magtanong at siguraduhin agad sa guro.

卒園式（修了式）

分からないことや困ったことがあったら、先生に相談しましょう。

1. 卒園式ってなに？

卒園式は、子どもたちが幼稚園・保育園での生活を終えたことをお祝いする式です。また、お世話になった幼稚園・保育園の先生たちとお別れをする式です。

卒園式は、宗教的な行事ではありません。

2. いつするの？

卒園式は、３月ごろに行われます。

（日本の幼稚園・保育園の１年は、４月に始まって３月に終わります。）

（注意）卒園式は、土曜日に行われることもあります。

3. だれが参加するの？

①子ども

子どもたちはみんな参加します。土曜日に行われる場合でも、みんな参加します。

②保護者

日本では、ほとんどの保護者が卒園式に出席します。

③祖父母など親戚

保護者が卒園式に参加する家族は、保護者以外の人（おじいさん・おばあさん・おじさん・おばさんなど）が卒園式に参加できないことがあります。たくさん行くと、会場に入りきらなかったり、イスの数がたりなかったりするからです。幼稚園・保育園の先生に確認してください。

4. なにをするの？

①園長先生のあいさつ

園長先生が、卒園する子どもたちにむけて、お祝いのメッセージを言います。

Sotsuenshiki (Graduation) / *Shuryoushiki* (Pagtatapos)

Kumonsulta agad sa guro kung mayroong katanungan o hindi maintindihan.

1. Ano ang *Sotsuenshiki*? (Graduation / Pagtatapos)

Ang *Sotsuenshiki* ay isang seremonya ng pagdiriwang sa pagtatapos ng pamumuhay sa *Youchien・Hoikuen*. At isa rin itong seremonya sa pagpapaalam sa principal at mga guro.

Ang *sotsuenshiki* ay hindi aktibidad ng isang relihiyon.

2. Kailan ito gaganapin?

Ang *Sotsuenshiki* ay ginaganap sa buwan ng Marso.

(Ang buong taon ng *Youchien・Hoikuen* sa Japan ay nagsisimula sa buwan ng Abril at nagtatapos sa buwan ng Marso.)

(Punawa) May ginaganap ding *Sotsuenshiki* sa araw ng Sabado.

3. Sino ang mga dadalo?

① Bata
Lahat ng mga bata ay kasalit. Kahit na ganapin ito o sa araw ng sabado, lahat ay kasali.

② Tagapag-alaga / Magulang
Dito sa Japan lahat ng magulang ay dumadalo sa araw ng pagtatapos.

③ Lolo, lola at mga kamag-anakan
Magulang ang dadalo sa pagtatapos, maaaring hindi makadalo ang (lolo, lola, tito, tita at iba pa) sa graduation, dahil pag marami ang dadalo maaaring hindi magkasya sa lugar at maaaring kulangin sa mga upuan. Alamin sa guro ng *Youchien・Hoikuen*.

4. Ano ang gagawin?

① Pagbati ng principal
Ang principal ay magbibigay ng pagdiriwang o pagbating mensahe para sa mga batang magtatapos.

②卒園証書授与
先生から、卒園する子どもたちに、卒園証書が渡されます。
③卒園児合唱
卒園する子どもたちが、歌をうたいます。
④卒園児お別れの言葉
卒園する子どもたちが、先生や在園児にむけてお別れのメッセージを言います。
⑤記念撮影
卒園する子どもたち、先生、保護者みんなで写真を撮ります。

5. なにを持って行こう？なにを着よう？

(1)服装
①子ども
幼稚園・保育園の制服や、フォーマルな服など、少しきちんとした服を着ていくことが多いです。詳しいことは、先生に聞いておきましょう。



②保護者
落ち着いた色・デザインの服を着ましょう。たとえば、女の人なら、色は、黒や紺色がおすすめです。デザインは、ジャケットとスカート、ワンピースなどがおすすめです。
男の人は、黒いスーツがいいです。
女の人も、男の人も、ジーパンやTシャツ、スウェットなどは着ません。

(2)保護者の持ち物
①スリッパ
②ビデオ・カメラ
（注意）撮影してはいけない場合もあります。先生に確認しておきましょう。

6. その他

(1)早めに行こう！
卒園式では、始まる時間や、プログラムが決まっています。卒園式が始まる 15分ほど前に、幼稚園・保育園に着くようにしましょう。

(2)卒園式の雰囲気
卒園式は、子どもの成長をみんなで喜ぶ式です。
また、小学校にむけて新しい出発を静かに見守る式です。パーティーのように、にぎやかな式ではありません。

② Paggagawad ng Diploma o Certificate ng Pagtatapos
Ibibigay ng guro sa mga batang magtatapos ang diploma / certificate.
③ Pag-awit ng mga magtatapos
Kakanta ang mga batang magtatapos.
④ Pamamaalam na mensahe ng magtatapos
Pamamaalam na mensahe mula sa mga batang magtatapos para sa mga guro at iba pang mga bata.
⑤ Pictorial o pagkuha ng mga litrato
Magpapakuha ng litrato ang lahat ng mga batang magtatapos, mga guro at mga mga magulang.

5. Ano ang dadalhin? Ano ang isusuot?

(1) Kasuotan

① bata

Uniporme ng *Youchien • Hoikuen* o pormal na damit. Marami ang nagsusuot ng disenteng damit, para sa tamang kaalaman, magtanong sa guro.



② Tagapag-alaga / Magulang

Magsuot ng simpleng kulay at desenteng damit damit. Halimbawa maganda ang kulay itim, kulay abo o grey para sa babae, magandang desenyo din ang palda, blazer o bestidang damit.

Sa lalake naman maganda ang black suits.

Hindi nagsusuot ng jeans at t-shirt maging ang babae man o lalake.

(2) Dadalhin ng magulang

① slipper / panloob na tsinelas
② video camera o camera
(Paunawa) may posibilidad din na hindi pwedeng kumuha ng picture o video kaya alamin lamang sa guro.

6. Iba pa

(1) Pumunta ng maaga!

Sa *Sotsuenshiki,* nagsisimula ang seremonya sa takdang oras. Mangyaring pumunta ng 15 minuto bago magsimula ang *Youchien o Hoikuen.*

(2) Uri ng pagdiriwang

Ang *Sotsuenshiki* ay seremonya ng pagdiriwang sa paglaki ng bata. Pagdiriwang para sa maayos na paghahatid sa mga bata para sa bagong buhay elementarya. Ito ay masayang pagdi-riwang na katulad ng isang party.

⑶卒園証書

子どもたちが、幼稚園・保育園での生活を終えたことを記念するものです。家に持って帰りましょう。

（3）*Sotsuen shousho* (Graduation certificate / Sertipiko sa pagtatapos)

Ito ay isang sertipiko na mgiging isang ala-ala at nagpapatunay na nakatapos ang mga bata sa *Youchien • Hoikuen*. Ito ay maiuuwi ng bahay.

季節の行事

分からないことや困ったことがあったら、先生に相談しましょう。

日本人は昔から四季の変化を楽しみ、季節ごとの行事を大切にしてきました。幼稚園・保育園でも季節ごとに行事があります。行事を通して、楽しく日本の文化を知りましょう。

※幼稚園・保育園で行う行事に宗教的な意味はありません。どれも行事として行われています。それでも宗教的に参加できないなど、問題がある時は先生に相談しましょう。

4月	5月	6月	7月	8月	9月	10月	11月	12月	1月	2月	3月
	こどもの日		七夕まつり					クリスマス		豆まき	
			夏まつり					もちつき			ひなまつり

1. たんじょうび会(毎月)

●たんじょうび会ってなに？

毎月行います。その月の間にたんじょうびを迎える子ども全員のお祝いを、一緒にします。みんなでゲームをします。先生が出し物をすることもあります。

2. こどもの日(5月5日)

●こどもの日ってなに？

男の子の成長をお祝いする日です。日本では男の子のいる家は、４月頃から子どもの成長を願って兜や鎧人形、こいのぼりを飾ります。

●幼稚園・保育園ではなにをするの？

ちまきや柏餅を食べます。ちまき、柏餅とは葉っぱで包まれたお餅のことです。折り紙で、こいのぼりや兜を作ります。

男の子の日と言われていますが女の子も参加します。



Mga Aktibidad sa Bawat Panahon

Kumonsulta agad sa guro kung mayroong katanungan o hindi maintindihan.

Simula pa noong panahon ay malugod na pinakahihintay ng mga Hapones ang pagpapalit ng panahon at mahalaga sa kanila ang bawat aktibidad nito. Mayroon ding mga aktibidad sa *Youchien・Hoikuen* para ipagdiwang ang mga panahon. Alamin ang kultura ng Japan sa pamamagitan ng pagdiriwang ng mga aktibidad na ito.

※Ang mga aktibidad na ginaganap sa *Youchien・Hoikuen* ay walang kinalaman sa relihiyon. Ang lahat ay karaniwang aktibidad lamang. Subalit kung sa anumang suliranin batay sa relihiyon na hindi pa rin makakasali nito, ipagbigay-alam agad sa guro.

4月	5月	6月	7月	8月	9月	10月	11月	12月	1月	2月	3月
	Kodomo no Hi		Tanabata Matsuri Summer Festival					Christmas Mochitsuki		Mamemaki	Hinamatsuri

1. *Tanjoubi kai*（buwanan）

● Ano ang *Tanjoubi kai* ?

Ito ay ginaganap buwan-buwan. Ito ang sabay-sabay na selebrasyon ng kapanganakan ng lahat ng bata na ipinanganak sa parehong buwan. Mayroong games o laro at kung minsan ay pagtatanghal na inihanda ang guro.

2. *Kodomo no Hi* （ Children's Day) (May 5）



●Ano ang *Kodomo no Hi* ?

Ito ang pagdiriwang ng paglaki ng batang lalake. Ang mga tahanan na may batang lalake ay naglalagay ng dekorasyon ng *Kabuto* [helmet Hapong sundalo], *yoroi ningyou* [sundalo na manyika] at *koi nobori* [carp streamer / korteng isda na yari sa tela at nakatali sa mahabang kahoy o plastik na kahoy].

●Ano ang ginagawa sa *Youchien・Hoikuen*?

Kakain ang mga bata ng *chimaki* [parang bibingka na binalot sa dahon ng kawayan] at *kashiwamochi* [parang suman na binalot sa oak leaf / dahon]. Gagawa ng *kabuto* at *koi nobori* mula sa *origami* (colored paper.)

Bagama't ito ay araw para sa mga batang lalake,ang mga batang babae ay makakasali rin.

3. 七夕まつり(7月7日)

●七夕ってなに？

星に願いごとをします。天の川をはさんで反対にある織姫（ベガ)、彦星（アルタイル）が一年に一回7月7日の夜に会えると言われています。

七夕には笹の葉を飾り、短冊（カード）に自分の願い事を書きます。

ささ飾り

●幼稚園・保育園ではなにをするの？

子どもたちは短冊に「将来○○になりたい」「○○が欲しい」など願い事を書いて、幼稚園・保育園の笹につけます。色紙で飾りを作ったり、七夕の歌を歌ったりします。

4. 夏まつり(7～8月ごろ)

●夏まつりってなに？

暑い夏を楽しく乗り越えるため、夕方にお祭りをします。

●幼稚園・保育園ではなにをするの？

盆踊りやダンス、ゲームなどをします。浴衣などを着て行う幼稚園・保育園もあります。

5. クリスマス会(12月)

●クリスマスってなに？

日本のクリスマスは、宗教上の意味はなく冬の行事として考えられています。

●幼稚園・保育園ではなにをするの？

歌を歌ったりゲームをしたりします。サンタクロースが登場したり、劇を発表したりする幼稚園・保育園もあります。

6. もちつき(12～1月ごろ)

●もちつきってなに？

日本人は正月にもちを食べます。杵と臼という道具を使ってお米をついてもちを作ります。

●幼稚園・保育園ではなにをするの？

子どもたちはもちを作る体験をします。もちができたらみんなで食べます。

3. *Tanabata Matsuri* (Star Festival)（Ika - 7 ng Hulyo)

●Ano ang *Tanabata*?

Ito ang araw na magpapaabot ng kahilingan sa bituin. Sinasabing tuwing buwan ng Hulyo ika-7 ng bawat taon, ang prinsesa ng mga bituin na si *Vega* (tagahabi) at *Altair* (pastol) na nasa magkabilang bahagi ng Milky Way / kalawakan ay magtatagpo sa araw na ito.

Maglalagay ng kapi-rasong papel sa sanga ng kawayan kung saan nakasulat ang kahilingan.

Palamuti sa dahon ng kawayan

●Ano ang ginagawa sa *Youchien・Hoikuen*?

Isusulat ng mga bata sa kapirasong papel ang " pangarap sa pag lumaki " " ～kahilingan " at isasabit sa dahon o sanga ng kawayan. Gumagawa rin ng dekorasyon mula sa *origami* at kakanta ng awit ng *Tanabata.*

4. *Natsu Matsuri* (Summer Festival)（Hulyo-Agosto）

●Ano ang *Natsu Matsuri* ?

Sa gabi ay mayroong pagdiriwang upang malagpasan pagsubok ng mainit na tag-init.

●Ano ang ginagawa sa *Youchien・Hoikuen* ?

Sa araw na ito ay sumasayaw ng *Bon Odori* (Bon Dancing) at may mga palaro. Nakasuot ng *Yukata* (summer kimono) sa pagpunta ng *Youchien・Hoikuen*.

5. Christmas Party（Disyembre）

●Ano ang Christmas ?

Ang pasko sa Japan ay walang kinalaman sa relihiyon. Ito ay pagdiriwang lamang sa panahon ng taglamig .

●Ano ang ginagawa sa *Youchien・Hoikuen*?

Ang mga bata ay kakanta at may mga palaro din. Mayroong Santa Claus na dadating at may mga pagtatanghal sa ibang mga *Youchien・Hoikuen*.

6. *Mochitsuki* (Paggawa ng Malagkit)（Disyembre- Enero)

●Ano ang *Mochitsuki*?

Ang mga Japanese ay kumakain ng nilutong malagkit na bigas sa Bagong Taon. Gumagamit ng pambayo at lusong sa paggawa nito mula sa bigas.

Pambayo

●Ano ang ginagawa sa *Youchien・Hoikuen*?

Magbabayo at gagawa ng *mochi* ang mga bata na gamit ang pambayo at lusong. Pagsasaluhan nila itong kainin matapos gawin.

lusong

7. 豆まき(2月3日)

●豆まきってなに？

節分に行う行事です。節分は季節の分かれ目のことです。日本では 2月4日は春が始まる日と考えられています。節分はその前日です。病気を運んでくる鬼を退治するために健康を願って豆をまきます。

●幼稚園・保育園ではなにをするの？

先生が鬼のお面をつけます。子どもたちは鬼役の先生に「鬼は外！福は内！」と言いながら豆をぶつけます。そのあと、自分の年の数だけ豆を食べます。鬼のお面を作ることもあります。

8. ひなまつり(3月3日)

●ひなまつりってなに？

女の子が健康に育つことをお祝いします。日本では女の子のいる家は、２月頃からひな人形と呼ばれる人形を飾ります。

●幼稚園・保育園ではなにをするの？

おりがみでひな人形を作ったり、ひなまつりの歌を歌ったりします。ひなあられと呼ばれるお菓子を食べます。

女の子のお祭りと言われますが、男の子も参加します。

ひな人形

9. その他

幼稚園・保育園によって、他にもさまざまな季節の行事があります。畑のある幼稚園・保育園では、秋に芋ほりを行うこともあります。どんな行事なのか、何をするのか、わからないときは幼稚園・保育園の先生に聞きましょう。

7. *Mamemaki* (Bean Throwing)（Ika -3 ng Pebrero）

●Ano ang *Mamemaki* ?

Ito ang araw ng *Setsubun* [pagtatapos ng malamig na panahon at ang simula ng Spring / tagsibol.] Sa Japan, ang Spring ay nagsisimula sa ika-4 ng Pebrero. Ang *Setsubun* ay ang araw na bago dumating ito. Ang *oni* (halimaw) na nagdadala ng ibat-ibang uri ng sakit ay babatuhin ng mga beans / buto para itaboy.

●Ano ang ginagawa sa *Youchien・Hoikuen*?

Sa araw na ito, ang guro ay magsusuot ng maskara ng *oni.* Babatuhin ng mga bata ng mga beans / buto ang guro habang sinasabing "*Oni wa soto！*(Ang malas ay ilabas !) *Fuku wa uchi！* (Ang suwerte ay pumasok !)". Pagkatapos nito, kakain ng beans ng ayon sa kanilang bilang ng edad. Minsan ay gumagawa ng maskara ng *oni*.

8. *Hinamatsuri* (Doll Festival)（Ika -3 ng Marso）

●Ano ang *Hinamatsuri*?

Ito ang pagdiriwang ng pangangalaga sa kalusugan ng batang babae. Ang mga tahanan na may batang babae ay naglalagay ng *hina ningyou* (manyikang prinsesa) sa simula ng Pebrero.

●Ano ang ginagawa sa *Youchien・Hoikuen*?

Sa araw na ito, gumagawa ng hina *ninggyou* mula sa *origami* at kakanta ng awitin ng *Hinamatsuri*. Kakain ng *hina arare* [rice puffs / pagkaing gawa sa bigas] ang mga bata.

Ang mga batang lalake ay makakasali din.

hina ningyou

9. Iba pa

Ang bawat *Youchien・Hoikuen* ay may iba't-iba pang aktibidad na ipinagdiriwang. Ang mga *Youchien・Hoikuen* na may taniman ay nag-aani ng kamote tuwing autumn. Kung mayroong katanungan o hindi maunawaan sa mga aktibidad, alamin agad sa guro.

病気やけがのとき

1．子どもが病気やけがをしたら

家や外で子どもが病気やけがをしたら、落ち着いて対応しましょう。どんな対応をするべきか迷ったとき、以下の図を参考にしてください。



外国語での案内サービス

鉄道の駅名または市区町村名を発音すると、一番近い医療機関を、音声またはＦＡＸで自動的に案内します。５ヶ国語（中国語、英語、ポルトガル語、スペイン語、韓国語）に対応しています。

電話・ＦＡＸ：（０５０）５８１０－５８８４

2．病院へ行ったあと

病院で診察を受けたら、子どもが通園していることを医師に伝えます。そして、幼稚園・保育園に行くことができるかどうか聞きましょう。

（1）行けないとき

幼稚園・保育園へ行けないときは、家で看病します。幼稚園・保育園の先生たちは、子どものことを心配していますので、休むことを知らせてください。

また、「病児・病後児保育」を利用できる場合があります。

Sa Oras ng Karamdaman / Sakit o pagkasugat

1. Kapag may karamdaman o nagkasugat ang bata.

Maging mahinahon pag nangyaring nagkasakit o nagkasugat ang bata sa loob o maging sa labas ng bahay. Kung paano ang dapat gawin,tingnan ang mga sumusunod.



2. Pagkatapos pumunta ng hospital

Pag nagpatingin sa doctor, ipaalam na pumapasok ang bata at itanong kung puwede bang pumasok sa *Youchien o Hoikuen.*

（1）Hindi puwedeng pumasok

Kung hindi puwedeng pumasok sa *Youchien • Hoikuen*, alagaan sa bahay. Para huwag mag-aalala ang guro sa *Youchien • Hoikuen* ipaalam kung hindi papasok ang bata.

Maaaring gamitin ang *Byouji • Byougoji hoiku* (childcare clinic) para sa mga batang may sakit.

（2）行けるとき

幼稚園・保育園へ行けるときは、先生に子どもの病名や症状を具体的に伝えましょう。あらかじめ、医師に紙に書いておいてもらうことをおすすめします。

薬の取り扱いについて

- 幼稚園・保育園には、基本的に薬を預けることはできません。

3．もしものときのために

子どもは、病気やけがをよくします。緊急のときあわてないために、病院の連絡先や時間を調べましょう。

①あいち救急医療ガイド

http://www.qq.pref.aichi.jp/

「愛知県　救急医療情報システム」のホームページ「あいち救急医療ガイド」では、外国語で対応できる休日診療所を検索することができます。

②あいち医療通訳システム

http://www.aichi-iryou-tsuyaku-system.com/

愛知県の一部の病院などで受けられる通訳や翻訳のサービスです。外国語でホームページを見ることができます。

4．病児・病後児保育ってなに？

子どもが病気だけれど、保護者は仕事で休めない。そんなとき、病児・病後児保育施設を利用できる場合があります。

（1）どんなときに利用できる？

子どもが病気または回復期にあり、かつ、保護者が仕事や病気で子どもを看病できないとき。定員を超えている場合には利用できません。

（2）どうやって利用するの？

利用するには、市役所や病児・病後児保育を行っている施設に、申込みをする必要があります。子どもを預けるにはお金がかかります。事前の登録や提出書類が必要な場合があります。確認しましょう。

（2）Kapag puwedeng pumasok

Kapag ang bata ay makakapasok sa *Youchien • Hoikuen,* sabihin sa guro ang sintomas o detalye kung anong uri ang sakit ng bata. At mas magandang ipasulat sa doctor para mas maliwanag.

Tungkol sa pag asikaso ng gamot

- Karamihan sa *Youchien* • *Hoikuen* ay hindi puwedeng ipahabilin ang anumang uri ng gamot.

3. Para sa kung ano man ang mangyari….

Kalimitang nagkakasakit o nagkakasugat ang mga bata kaya para sa mga biglaan o emergensing pangyayari alamin ang telepono at oras ng ospital para maiwasan ang pagpanik.

① ***Aichi kyuukyuu iryou gaido*** **(Gabay sa emergensing pagpapagamot)**
http://www.qq.pref.aichi.jp/
"Aichi Emergency Information System" homepage *"Aichikyuukyuu iryou gaido"* ay may serbisyo para sa ibang wika / language na maaaring hanapin ang bukas na hospital / klinika kahit holiday / walang pasok.

② ***Aichi iryou tsuuyaku system*** **(Gabay para sa Iba't ibang wika)**
http://www.aichi-iryou-tsuyaku-system.com/
Sa ibang ospital ng Aichi Ken ay may serbisyo para sa interpreter at translation. Maaari itong makita sa website ng iba't ibang wika.

4. Ano ang *Byouji • Byougoji hoiku* (childcare clinic)?

Para sa mga batang may sakit na hindi makakaliban ang magulang sa trabaho, maaaring gamitin ang *Byouji • Byougoji hoiku*.

（1）Kailan ito maaaring gamitin?

Kung may sakit ang bata at hindi pa magaling o nagpapagaling pa lamang. At sa oras na ang magulang ay may trabaho o may sakit din na hindi mababantayan ang anak. Maaaring hindi makapasok ang bata kung ang lugar ay puno na at maraming inaalagaang bata.

（2）Paano ito gagamitin?

Para sa paggamit nito, pumunta sa *Shiyakusho* (City Hall) / *Byouji •Byougoji hoiku* (childcare clinic). Kailangang mag apply para dito at ang pagbabantay sa bata ay may bayad. May posibilidad na kailangang magparehistro muna at kakailanganing sulatan ang importan-teng papel para dito. Alaming mabuti.

予防接種

1．なぜ予防接種を受けるの？

子どもは、免疫力が弱く、病気にかかりやすいです。予防接種で、予防できる病気があります。大切な子どもの命を守るために、予防接種を受けましょう。国籍や在留資格に関係なく受けることができます。

2．ワクチンのしくみ

予防接種に使う薬液のことを「ワクチン」と言います。ワクチンは、体のなかに人工的に免疫を作りだします。ワクチンによって、病気が重くなる危険を低くすることができます。ただ、その免疫は少し弱く、何回かの接種が必要な場合があります。

3．予防接種の種類

予防接種には、定期接種と任意接種の２種類があります。

①定期接種・・・国が決めて、受けるよう保護者に勧めている予防接種です。
予防できる病気：ジフテリア、百日せき、ポリオ、麻しん・風しん、日本脳炎、破傷風、結核

②任意接種・・・流行の時期にあわせて、受けるかどうか医師と相談して決めます。
予防できる病気：インフルエンザ、おたふくかぜ、水ぼうそう、Ｂ型肝炎、など

4．費用は？

①の定期接種は、定められた期間内であれば、おおよそ無料です。
②の任意接種は、ほとんどの場合、全額自己負担です。費用は安いものではありません。しかし、予防接種を受けなかったために、重い病気にかかり、命を落すことがあるのです。そのことを考えれば、予防接種はとても重要です。

5．いつ受けるの？

ワクチンは、それぞれの月齢や年齢によって接種できる期間が決まっています。接種期間についてのお知らせが、自治体から来ます。その期間内に受けるようスケジュールをたてましょう。期間外に受ける場合、費用が高くなることがあります。

Bakuna / Imunisasyon

1. Bakit kailangang magpabakuna?

Mahina pa ang panlaban sa sakit ng mga bata kung kaya madali itong dapuan sakit. Mayroong mga bakuna na panlaban sa mga sakit. Ang pagpapabakuna ay pangangalaga sa kaligtasan ng buhay ng bata. Maaaring magpabakuna ang kahit na sino at anuman ang nasyonalidad o estado ng pananatili.

2. Pamamaraan ng bakuna

Ang injection / pagtuturok ng bakuna ay nagbibigay ng artipisyal na imunisasyon ng sakit sa katawan. Maaaring hindi na magkasakit ang bata o mabawasan ang malubhang sakit sa pamamagitan ng natanggap na bakuna. May pagkakataong kailangang mabigyan ng ilang beses na bakuna para sa mabuting resulta.

3. Uri ng Bakuna

Mayroong dalawang uri ng bakuna, ito ay regular at opsyunal.

① Regular na Bakuna • • • Ito ay itinakda ng bansa at rekomendado sa mga magulang.

Ito ay ang mga: Diphteria, Whooping cough, Polio, Measle , Rubella, Japanese Encephalitis,Tetanus at Tuberculosis.

② Opsyunal na Bakuna • • • Ayon sa paglaganap ng epidemya ng sakit, maaaring magpabakuna nito kung nais lamang.

Ito ay ang mga : Influenza, Mumps, Chickenpox, Hepatitis B at iba pa.

4. Magkano ang bakuna?

Kung ang regular na bakunang ① ay tatanggapin sa nakatakdang panahon, ito ay libre.
Ang opsyunal na bakuna ② ay may bayad at kadalasan ay may kamahalan. Subalit ang pagpa-pabakuna nito ay makakapagligtas sa bata na huwag makakuha ng malubhang karamdama kaya ito ay mahalaga ring bakuna.

5. Kailan dapat magpabakuna?

Ang bawat injection ng bakuna ay may nakatakdang panahon ayon sa edad at buwan ng bata. Ang panahon ng bakuna ay itinatakda ng munisipalidad. May matatanggap na pabatid na mensahe mula rito. Magpabakuna ayon sa itinakdang panahon. Mapapamahal ang bayad sa bakuna kung hindi matatanggap sa nakatakdang panahon.

スケジュールをたてるとき

母国の予防接種のスケジュールと日本のスケジュールが、大きく異なることがあります。母国で受けた予防接種があれば、それを把握しましょう。そのうえで、日本で受ける予防接種のスケジュールを立てましょう。

6．どこで受けるの？

市が指定した保健所や保健センター、かかりつけの小児科などで受けます。
市が指定したところの場合、住民登録された方のみ受けることができます。

7．受ける前に

予診票を記入します。記入のしかたが分からないときは、保健所や医院に相談しましょう。

8．もちもの

母子健康手帳、予診票（記入したもの）、予防接種手帳
就学時検診や入学説明会では、ワクチンの接種記録を提出します。準備しておきましょう。

受けたあと

9．副作用について

ワクチンを接種したあと、副作用が出ることがあります。程度はいろいろですが、接種した場所が赤く腫れる、熱が出るなどです。心配なときは、医師によく相談しましょう。

子どもの健康のために

10．かかりつけの小児科をみつけよう！

疑問や不安を気軽に相談できる、かかりつけの小児科をみつけましょう。また、予防接種だけでなく、子どものようすについて心配なことがあれば、医師に何でも相談しましょう。

11．正しい情報を得よう！

予防接種を安心して受けるために、正しい情報を得ましょう。

「予防接種と子どもの健康」　（財）予防接種リサーチセンター
http://www.yoboseshu-rc.com/index.php?id=8

「予防接種と子の健康2012」の本文を、外国語（英語、韓国語、中国語、ポルトガル語、フィリピン語）で読むことができます。また、外国語の予診票も、ダウンロードして使えます。
（お願い）ダウンロードするときは、利用規約をしっかり読んで守るようにしましょう。

Sa Paggawa ng Schedule

Maaaring magkaiba ang takdang panahon ng pagpapabakuna sa sariling bansa at sa Japan. Tandaan ang mga bakuna na natanggap na sa sariling bansa at isaayos ang schedule sa Japan pagkarating dito.

6. Saan magpapabakuna?

Magpabakuna sa mga ospital o klinika na itinakda ng munisipalidad.
Ito ay para sa mga mamamayan na nakarehistro lamang sa munisipalidad.

7. Bago magpabakuna

Sagutan muna ang mga katanungan ukol sa bakuna. Kung hindi alam ang pagsagot nito, kumonsulta sa hospital o klinika.

8. Mga Dapat dalhin

Boshi Kenkou Techou (Mother and Child Health book / Gabay na Personal para sa Ina at Anak) *Yoshin hyou* (Vaccine Survey) na nasagutan na, *Yobousesshu Techou* (Vaccine Record Booklet).

Ito ay hinihingi rin sa *Shuugaku Ji Kenshin* (School Entrance Medical Survey) o *Nyuugaku Setsumei Kai* (School Entrance Orientation).

Pagkatapos mabakunahan

9. Side effect

May pagkakataong may side effect o ang pangyayari sa katawan ng bata pagkatapos bakunahan. Magkaiba ang side effect sa bawat tao. Maaaring mamaga ang pinagbakunahan o lagnatin, kung may pag-aalala, huwag mag-atubiling ikunsulta sa doctor.

Para sa Kalusugan ng Bata

10.Humanap ng Pediatrician / Ospital para sa bata na regular na mapupuntahan!

Maghanap ng regular na pagamutan para sa bata. Hindi lamang para sa bakuna kundi para sa konsultasyon ng problema sa kalusugan nito.

11.Alamin ang tamang impormasyon!

Alamin ang tamang impormasyon ukol sa pagpapabakuna.

“Yobou Sesshu to Kodomo no Kenkou” Vaccination Research Center
http://www.yoboseshu-rc.com/index.php?id=8

Ang impormasyon ukol sa “Bakuna at Kalusugan ng Bata 2012” ay mababasa sa iba’t-ibang wika (English, Korean, Chinese, Potuguese at Tagalog). Maaaring magdownload ng *Yoshin hyou* [Vaccine Survey] sa sariling wika.

（**Pakiusap**）Sa pagdownload, sundin ang tamang paggamit nito.

ぎょう虫検査

分からないことや困ったことがあったら、先生に相談しましょう

幼稚園・保育園では、春にぎょう虫検査を行います。

1．ぎょう虫ってなに？

ぎょう虫は、人が寝ているとき、腸から出て来てお尻の穴のまわりに卵をうみます。すると、お尻の穴がかゆくなります。さらに、卵が手について口に入ったり、他の人に感染することもあります。感染に気付かないこともあるので、検査しなければなりません。

2．いつ検査するの？

朝起きてすぐ、うんちやおしっこをする前に検査します。

検査する日：＿＿月＿＿日の朝と　　＿＿月＿＿日の朝

↓

提出日：＿＿月＿＿日

（注意！）おしっこやうんちを提出する必要はありません。

3．どうやって検査するの？

～1日目～

① 透明のカバーをはがす。
② お尻の穴に、セロファンの青いのりの部分を貼りつけ、指で２，３回押す。
③ お尻からセロファンを取る。
④ 透明のカバーを再び貼りつける。

～2日目～

⑤ ①～③を同じように行う。
⑥ １日目のカバーをはがして、２日目のセロファンと合わせる。

Gyouchuu Kensa (Threadworm Test)

Kumonsulta agad sa guro kung mayroong katanungan o hindi maintindihan.

Ang pagsusuring ito ay ginagawa sa panahon ng Spring sa *Youchien・Hoikuen.*

1. Ano ang *gyouchuu?*

Kapag tulog ang tao, ang *gyouchuu* (threadworm) ay lumalabas mula sa bituka at pumupunta sa lagusan ng puwet upang mangitlog. Kapag ang itlog ay napunta sa kamay o naipasok sa bibig, maaari itong makahawa sa iba. Maaaring hindi mamalayan na ang tao ay mayroon nito o naha-waan na kung hindi susuriin.

2. Kailan dapat magsuri?

Pagkagising sa umaga, magsuri agad bago dumumi o umihi.

✎Araw ng Pagsusuri：

umaga ng _____buwan_____araw at umaga ng _____buwan _____araw

✎Ipasa nang：____buwan____araw

（Paalala）Hindi kailangang magdala ng ihi at dumi

3. Paano isasagawa ang pagsusuri?

～ Sa unang araw～

① Alisin ang transparent cover / pantakip na plastik.
② Idiin nang 2～3 beses sa mismong lagusan (puwet) ang kulay asul na bahagi ng cellophane.
③ Alisin ang cellophane sa lagusan ng puwet.
④ Idikit muli ang transparent cover o pantakip na plastik.

～ Sa ika-2 araw～

⑤ Ulitin ang bilang ①～③
⑥ Tanggalin ang takip ng unang araw at pagtapatin ang unang araw sa ika-2 araw na cellophane.

4．ぎょう虫を予防しよう！

1．爪を短く切り、かまないようにしよう。
2．お尻の穴をかかないようにしよう。
3．トイレの後やごはんの前は、手をよく洗おう。
4．パンツを清潔に保とう。

5．ぎょう虫がみつかったら

・ぎょう虫を退治するための薬をのみます。医師や薬剤師に相談しましょう。
・薬は、卵には効きません。そのため、成虫になる期間を考えて、１回目に薬をのんだ後の２～３週間後に、もう一度薬をのみます。
・家族に感染することも多いです。その場合、一緒に治療しましょう。

6．検査日を忘れないで！

幼稚園・保育園の検査を受けなかったら、各自で検査を受けます。その場合、有料です。絶対に、幼稚園・保育園の検査日を忘れないようにしましょう。

検査の結果が出たら、幼稚園・保育園へ伝えてください。

4. Iwasan ang *Gyouchuu* (Threadworm / Bulate sa Katawan) !

1. Gupitin ang kuko at huwag kakagatin.
2. Huwag magkamot ng puwet.
3. Maghugas ng kamay pagkagaling sa toilet at bago kumain.
4. Panatilihing malinis ang underwear / panloob.

5. Kapag nakakita ng *Gyouchuu* (Threadworm)

・Uminom ng pampurga. Kumonsulta sa doctor.
・Hindi agad tumatalab ang gamot sa itlog. Dahil dito, isaisip ang paglaki ng bulate, pagkalipas uminom ng pang-unang gamot, uminom muli ng gamot pagkalipas ng 2～3 linggo.
・Maaaring may nahawa na sa pamilya. Dahil dito, sama-samang gamutin ito.

6. Huwag kalimutan ang Pagpapatingin / Check - up

Kapag nakaligtaan ang pagpapatingin sa *Youchien・Hoikuen*, kakailanganin pa ring magpa check-up sa ibang lugar. Maaaring may bayad na ito, kung kayat huwag kakalimutan ang nakatakdang araw nito.

Ipaalam ang resulta sa *Youchien・Hoikuen*.

検便（けんべん）

分からないことや困ったことがあったら、先生に相談しましょう。

1. 検便とは？

病気や寄生虫、細菌が体内にあるかどうか、うんちを調べる検査です。幼稚園・保育園では、病気が広まらないように、1年に１回全員検査をします。検便は、小学校に行ってからも毎年あります。仕方が分からないときは、先生に聞いてできるようにしましょう。

検査の結果が陽性なら、もう一度検査が必要です。病院で検査を受けましょう。

2. いつ検便をするの？

幼稚園や保育園では、毎年春(4月～6月の間)に検便をします。検便で陽性反応が出ると、夏のプールには入れません。

・＿＿＿月＿＿＿日に検便をします。

3. 検便の道具

検便の道具(検便採取容器)は、何種類かあります。

[検便採取容器の例]

①



②



③



4. 検便の仕方

検便の仕方は、容器の種類によって違います。種類によっては、容器が２本入っていることがあります。その場合は、２日分のうんちを取る必要があります。通っている幼稚園・保育園の先生に確認しましょう。ここでは②の検便採取容器の方法を紹介します。

Kemben (Pagsusuri ng dumi)

Kumonsulta agad sa guro kung mayroong katanungan o hindi maintindihan.

1. Ano ang *kemben* (pagtingin ng dumi ／stool test)?

Ito ay susuriin kung may sakit, may mikrobyo na nas sa loob ng katawan sa pagsusuri ng dumi. Para hindi ito kumalat sa *Youchien • Hoikuen* nagpapatingin ang lahat isang beses sa isang taon. Kahit na sa elementarya ginagawa din ito. Kapag hindi alam kung paano ito gagawin mangyaring itanong lang sa guro para matutunan.

Kapag ang lumabas na resulta ay positibo magpatingin muli sa ospital.

2. Kailan magpapatingin ng dumi?

Sa *Youchien •Hoikuen*, taun -taon ginagawa ito sa panahon ng spring (sa pagitan ng buwan ng Abril～Hunyo). Kapag lumabas na positibo / maaaring hindi makakapasok ng pool sa summer.

